



Philippine Biblical Worldview Institute

Certificate in Biblical Studies CBS400 Ang Mga Hari

CBS405 Divided Kingdom Part 1 Conrad Jun Tolosa

Ang Pagkakahati ng Kaharian ng Israel

Ang pagkakahati ng nagkakaisang kaharian ng Israel sa dalawang magkahiwalay na estado—ang hilagang Kaharian ng Israel at ang katimugang Kaharian ng Juda—ay naganap noong humigit-kumulang 930 BCE, kasunod ng pagkamatay ni Haring Solomon. Ang mahalagang pangyayaring ito sa kasaysayang biblikal ay bunga ng pagsasanib ng mga elemento na pampolitika, pang-ekonomiya, at panlipunan.

Si Solomon, na anak ni Haring David, ay ang huling hari sa nagkakaisang Israel. Ang kanyang paghahari ay nailalarawan sa malawakang mga proyektong pagtatayo, partikular na ang pagtatayo ng Unang Templo sa Jerusalem. Bagama't ang kanyang pamumuno ay nagdala ng kasaganaan at prestihiyosong pandaigdig, ito rin ay may kaakibat na mabigat na halaga: mataas na buwis at sapilitang paggawa, lalo na upang suportahan ang kanyang matatayog na architectural structures.

Ang mabigat na pagbubuwis at sapilitang paggawa ay nagdulot ng malaking paghihirap sa mga mamamayan lalo na sa hilagang tribo. Bukod dito, ang nakikitang mas pabor na pagtrato ni Solomon sa kanyang sariling tribo, ang Juda, kaysa sa iba, lalo na sa hilaga, ay lalong nagpalala sa lumalagong hinanakit.

Ang Pamumuno ni Rehoboam

Nang pumanaw si Solomon, ang kanyang anak na si Rehoboam ang umupo sa trono. Sa kanyang pamumuno nagsimula ang isa sa pinakamalaking pagbabago sa kasaysayan ng Israel—ang pagkakahati ng kaharian.

Pag-upo ni Rehoboam sa trono, agad siyang hinarap ng mga kinatawan mula sa hilagang tribo na pinamumunuan ni Jeroboam. Humiling sila na bawasan ang mabibigat na buwis at sapilitang paggawa na ipinataw ni Solomon upang mapagaan ang kanilang buhay. Ang kanilang layunin ay magkaroon ng mas magaan na pamumuhay at makataong pagtrato.

Unang sumangguni si Rehoboam sa mga nakatatanda na naglingkod sa kanyang ama. Pinayuhan nila siyang sundin ang mga kahilingan ng mga tao, iminumungkahi na ang gayong pagpaparaya ay magbubunga ng katapatan. Gayunpaman, humingi rin siya ng payo sa kanyang mga kabataang kaedad, na nagrekomenda ng mas mapagharing pamamaraan. Hinimok nila siyang tumugon ng may pahayag ng higit na kalupitan. Sa kasamaang-palad, sinunod ni Rehoboam ang huling payo, at ipinahayag sa mga tao, *Pinabigat ng aking ama ang inyong pamatok, ngunit dadagdagan ko ito; pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, ngunit parurusahan ko kayo ng mga alakdan* (1 Mga Hari 12:14).

Ang mahigpit na tugon ni Rehoboam ay nagbunsod ng malaking pag-aalsa. Ang sampung tribo sa hilaga ay naghimagsik at nagdeklara ng kanilang kalayaan. Tinanggihan nila ang kanyang paghahari at ipinahayag ang kanilang kalayaan. Si Jeroboam, na pinabalik mula sa pagkakatapon sa Ehipto, ay pinutungan bilang hari ng mga humiwalay na hilagang tribo, kaya itinatag ang Kaharian ng Israel.

Samantala, si Rehoboam ay nanatiling hari ng katimugang Kaharian ng Juda, na binubuo ng mga tribo ng Juda at Benjamin. Ang kabisera nito ay ang Jerusalem.

Ang pamumuno ni Rehoboam ay isang kritikal na yugto sa kasyasayan ng Israel sapagkat ito ang simula ng paghihiwalay na landas ng Juda mula sa Israel, at ito rin ang naging simula ng mga panahong puno ng pakikidigma at pag-aaway ng dalawang kaharian.

Sa kanyang paghahari sa Juda, kinaharap ni Rehoboam ang maraming hamon. Kailangan niyang patatagin ang kanyang nasasakupan at tugunan ang mga banta mula sa kalapit na mga bansa.

Sa kabila ng kanyang kabiguan na mapanatili ang pagkakaisa ng kaharian, ang kanyang pamumuno ay nagbigay-daan sa mga aral tungkol sa pamumuno ng may katarungan, at pakikinig sa mga pangangailangan ng mga tao. Ang kanyang pamana ay nagbibigay-aral din sa kahalagahan ng makataong pamumuno at ang epekto ng mga desisyon ng isang pinuno sa kanyang mga nasasakupan.

Ang pagkakahati ay nagdala ng pana-panahong labanan at pagkakaribal sa pagitan ng dalawang kaharian. Pareho silang humarap sa malalaking hamon, kabilang ang mga panlabas na banta mula sa mga rehiyonal na kapangyarihan at panloob na hindi pagkakasundo. Sa kabila ng paminsan-minsang pagtatangka sa pakikipagkasundo, ang pagkakahati ay nagpatuloy hanggang sa wakas ay nasakop ng Babilonia ang Judah noong 586 BCE.

Konklusyon

Ang pagkahati ng Kaharian ng Israel ay nagdulot ng maraming mahahalagang aral tungkol sa pamumuno, pagkakapantay-pantay, relihiyon, at ekonomiya. Ang mga pagkakamali ng mga pinuno tulad nina Solomon, Rehoboam, at Jeroboam ay nagbigay-daan sa mga hamon at hidwaan na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng makatarungan, matalinong, at makataong pamumuno. Sa pag-aaral ng kasaysayang ito, maaaring matutunan ng mga kasalukuyang pinuno at mamamayan ang kahalagahan ng pagkakaisa, katapatan, at makataong pamumuno upang maiwasan ang mga pagkakawatak-watak at hidwaan sa lipunan.

Multiple Choice:

1. Alin sa mga statement ang hindi tama?
 - a. Hindi dapat bigyang pansin ng pinuno ang hinaing ng taong-bayan kahit na may kinalaman ito sa kapayapaan ng kanyang sinasakupan.
 - b. Mahalaga ang kakayahan ng isang pinuno na makinig at magparaya upang mapanatili ang katapatan at pagkakaisa.
 - c. Both a and b.
 - d. Wala sa choices
2. Alin sa mga statement ang tama?
 - a. Ang pagsangguni sa mga taong wala pang masyadong nalalaman sa pamumuno ay mahalagang hakbang.
 - b. Sumangguni sa mga may karanasan na sa pamumuno at sa mga walang karanasan upang makagawa ng matalinong desisyon.

- c. Makinig sa mga matatandang may karanasan sa pagpapayo upang makagawa ng desisyon na may karunungan.
 - d. Walang tama sa mga statement.
3. Basahin ang 1 Kings 14. Alin sa mga statements ang tama?
- a. Gumawa ng kasamaan laban sa Diyos ang sambayanan ng Juda sapagkat nagtayo sila ng mga sambahan na may larawan ni Ashera sa ibabaw ng bawat burol.
 - b. Ginawa ng Juda ang kasuklam-suklam na gawain ng mga bansang pinalayas ng Diyos mula sa lupain noong pumasok doon ang mga Israelita.
 - c. Sinalakay ng hari ng Egypt ang Lunsod ng Jerusalem at kinuha niya ang kayamanan sa Templo ni Yahweh at sa palasyo ng hari pati na rin ang mga gintong kalasag na ipinagawa ni Solomon.
 - d. A at B lang.
 - e. Lahat ay tamang statements.
4. Basahin ang 1 Kings 12. Alin sa mga statements ang hindi tama?
- a. Si Adoniram na tagapangasiwa ng sapolitang pagtratrabaho ay pinapunta ni Rehoboam sa sampung lipi ngunit ito ay pinagbabato nila hanggang sa mamatay.
 - b. Nakapagtipon si Rehoboam ng kanyang mga mandirigma upang digmain ang sampung lipi ng Israel at siya ay nagtagumpay.
 - c. Sinabi ni Yahweh kay Rehoboam na huwag na niyang digmain ang sampung lipi ng Israel at hayaang makauwi ang bawat isa sa kanilang tahanan.
 - d. Lahat ay tama.

